COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-8 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

ANO BA ANG BAGO PARA SA IN-PERSON NA MGA BOTANTE SA GUBERNATORYAL NA RECALL NA ELEKSYON

Ang mga botante ng County ng San Diego na piniling bumoto nang in person sa **Ika-14 ng Setyembre sa Gubernatoryal na Recall na Eleksyon** ay mapapasin ang mga ilang pagkakaiba-iba. Ang mga lokasyon ng pagboto ay bukas mula Ika-11 ng Setyembre hanggang sa araw ng Eleksyon.

Saan Boboto

Ang mga botante ay hindi bibigyan o maa-assign sa isang espesipikong lugar ng botohan. Ibig sabihin nito ang sinumang botante ay mahahanap ang kanilang balota at makakaboto sa alinman sa **221 na in-person na mga lokasyon ng pagboto** sa buong county. Makakahanap ang mga botante ng pinaka-convenient na lokasyon ng pagboto para doon sila makapagboto sa pamamagitan ng pag-check sa **Voting Locations Finder Map** ng Tagapagrehistro at sa pag-type ng kanilang adres o lokasyon.

Paghulog sa inyong Boto

Lahat ng boboto nang in-person ay boboto gamit ang touch-screen **ballot marking devices** na magpi-print ng papel na balota kasama ang kanilang kagustuhan na pwede nilang mareview bago nila ito ilagay sa opisyal na kahon ng balota para maibilang sa gabi ng eleksyon.

Ang device na ito ay nagpi-print ng balota ng naaayon sa mga seleksyon ng botante, ngunit hindi ito nag-iipon, nagta-tabulate o nagbibilang ng alinmang mga boto.

Ang mga ballot marking device, na kung saan ay nagamit na ng County sa mga nagdaang eleksyon, ay ganap na sumusunod sa Amercians with Disabilities Act. Bukod sa English, ang mga botante ay maaaring makapamili sa isinaling balota sa isa sa mga apat na wikang sakop ng pederal sa County: Spanish, Filipino, Chinese at Vietnamese. Ang mga ballot marking device ay pinapahintulutan din ang mga botante na palitan ang laki ng teksto para mas maging madali ang

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-8 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

pagbabasa o paggamit ng mga headphone na may audio ballot at handheld controller para sa mga botante na mayroon kapansanan sa paningin.

Isang manggagawa sa botohan ang magsisimula ng isang sesyon ng botante sa pamamagitan ng pag-activate ng device. Pipili ang mga botante ng wika at gagawa ng kanilang mga seleksyon sa pamamagitan ng pagpindot sa screen sa tabi ng kanilang mga pagpipilian sa pagboto. Maaari din mareview ng mga botante ang kanilang mga napili at gumawa ng pagwawasto kung kinakailangan sa on-screen, pagkatapos ay pindutin ang "i-print ang balota" para mai-print ito. Matapos mareview ang mga seleksyon, ang mga botante ay maaari nang ilagay ang kanilang mga balota sa pang-sekretong takip o sa sobreng ibinigay sa kanila ng manggagawa sa botohan at maaari nila itong ilagay sa kahon ng balota o ibigay sa manggagawa sa botohan para ilagay sa kahon ng balota para sa kanila. **Tignan ang step-by-step images ng proseso.**

Panatilihing Ligtas ang Publiko

Karamihan sa **221 na mga lokasyon ng pagboto**, kagaya ng mga paaralan, ay magrerequire sa mga botante na magsuot ng pantakip sa mukha kapag bumoboto sa loob, anuman ang kanilang status ng bakuna. Maaaring **i-check** ng mga botante kung anong mga lokasyon ng pagboto ang nagrerequire ng mga pantakip sa mukha bago sila pumunta. Kung nakalimutan ninyo ang inyong pantakip sa mukha, ang mga manggagawa sa botohan ay mayroon para bigyan kayo ng isa. Ang mga botanteng hindi makakapagsuot ng pantakip sa mukha ay maaaring makaboto sa labas.

Kung pinaplano ninyong bumoto sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante, o i-drop off ang inyong balotang pangkoreo sa **drop-off location**, ang County ay naglagay ng mga protocol para masiguro ang kalusugan at kaligtasan ng mga botante, mga manggagawa sa botohan at mga observer. Isinama nila:

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-8 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

- Ang lahat ng mga **hindi bakunadong** botante, mga taga-obserba, at mga manggagawa ng eleksyon ay kinakailangang magsuot ng mga pantakip sa mukha. Ang mga accommodation sa labas ng gusali ay gagawing available para sa mga botanteng hindi makakasuot ng isa.
- Ang lahat ng mga **bakunadong** botante, mga taga-obserba, at mga manggagawa ng eleksyon ay kinakailangang magsuot ng mga pantakip sa mukha
- Ang hand sanitizer ay agarang available rin kapag pumapasok at lumalabas ng pasilidad.
- Ang mga mask at gloves ay available para sa lahat ng mga bisita.
- Ang mga plexiglass barrier ay ginagamit sa opisina ng Tagapagrehistro at lahat ng mga lokasyon ng botohan.
- Kontroladong landas sa paglalakbay kapag papasok at lalabas
- Kadalasang nahahawakan na mga bagay o mga surface ay regular na lilinisin at idi-disinfect.

Ang mga botanteng nakatanggap ng mga balotang pangkoreo ay makakatipid pa rin ng pagpunta at markahan ang kanilang balota mula sa tahanan. Siguraduhing i-sign at petsahan ang sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ipakoreo ito o ibalik ito sa **lokasyon ng mail ballot drop-off** o lokasyon ng pagboto.

Maaari ninyong makumpirma ang inyong balota kung natanggap ng opisina ng Tagapagrehistro sa **sdvote.com.**

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa pagboto sa papalapit na recall na eleksyon, bisitahin ang **sdvote.com** o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 Pacific Highway, Room 208 · San Diego, Ca 92101-2472